De La Salle University – Dasmariñas

# Ang Konsepto ng *Kuyog* Batay sa Pananaw ng mga Kalalakihan sa mga Piling Barangay ng Amadeo, Cavite

Isang Tesis na Iniharap sa Departamento ng Sikolohiya

Pamantasang De La Salle- Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan para sa Katibayan ng

Pagtatapos ng Kursong

Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Nina:

Emiryn Colocado

Ma. Lorena Geda

Mary Shayne Ramiro

Marso 2006

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

## ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle- Dasmariñas

**Lokasyon:** Dasmariñas, Cavite

**Pamagat:** Ang Konsepto ng *Kuyog* Batay sa Pananaw ng mga Kalalakihan ng mga Piling Barangay sa Amadeo, Cavite

**Mga Mananaliksik:** Emiryn Colocado, Ma. Lorena Geda, Mary Shayne Ramiro

**Pinagkunan ng Pondo:** Magulang **Halaga:** P 7, 000.00

**Nagsimula:** Oktubre, 2005

**Nagtapos:** Pebrero, 2006

**Layunin:**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman ang konsepto ng kuyog ng mga kalalakihan sa mga piling Barangay ng Amadeo, Cavite.

Gayundin, ang pag-aaral na ito ay naglalayon na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kahulugan ng kuyog batay sa pananaw ng mga kalalakihan sa mga piling Barangay ng Amadeo, Cavite?
2. Saan kadalasan naririnig ng mga kalahok ang salitang kuyog?
3. Anu-ano ang maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng kuyog?

4. Anu-ano ang mga positibo at negatibong implikasyon nito sa pakikipagkapwa ng mga kalalakihan ng Amadeo, Cavite?

**Saklaw**

Ang pag-aaral na ito ay iikot sa pagtalakay sa konsepto ng kuyog batay sa mga datos na makukuha mula sa mga kalahok at sa iba pang tao na may kaalaman upang maglahad ng mga ideya tungkol sa paksa. Napili ng mga mananaliksik na ang mga kalalakihan ang gawing mga kalahok dahil napag-alaman ng mga mananaliksik sa kanilang unang pakikipanayam na ang mga kababaihan ay walang gaanong nalalaman ukol sa kuyog. Gayundin, dahil sa limitado lamang ang bilang ng mga kalahok, ang resulta ng pag-aaral na ito ay magiging representasyon lamang ng mga tao sa lugar na ito at hindi maaaring ituring na pangkalahatang pananaw ng mga Kabitenyo.

**Metodolohiya**

Sa pananaliksik ng mga impormasyon ukol sa paksang tinatalakay, nalaman ng mga mananaliksik na mayroon na ring iilang mga pag-aaral na maaaring maiiugnay sa paksa, bagamat ang konsepto ng kuyog ng mga Kabitenyo ay hindi pa nagagawang talakaying mabuti. Sa ganitong kadahilanan, nagdesisyon ang mga mananaliksik na gumamit ng eksploratoryong disenyo. Sa pamamagitan nito, mabibigyang linaw ang

konsepto ng kuyog ng mga batay sa pananaw ng mga kalalakihan ng Amadeo, Cavite.

Gumamit ang mga mananaliksik ng katutubong metodo ng pananaliksik, upang matugunan ang mga suliranin sa pag-aaral. Nakapaloob sa pagtalakay ang katuturan ng pamamaraan, ang kahalagahan nito sa pag-aaral, ang paggamit sa kabisaan nito, at ang paraan ng pagsusuri ng mg datos na nalikom. Ang mga hakbangin sa metodong ginamit ay ang pagdalaw-dalaw, pakikipagpalagayang-loob, pakikipagkuwentuhan at pagtatanung-tanong.

**Pangunahing Natuklasan**

Sa pag-aaral na ito natuklasan ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Tinutukoy ng mga taga-Amadeo ang salitang kuyog bilang pagtutulungan, pagkakaisa at pagsasama-sama ng mga magbabarkada.
2. Kadalasan nila itong naririnig lamang na ginagamit sa kanilang nayon.
3. Ang konseptong ito ay kinalakihan na sa kanilang mga nayon.
4. Ang nagiging pangunahing dahilan ng pagkukuyog ay ang pagganti sa mga kaalitan.

5. Naniniwala din sila na ang pagkukuyog ay may positibong epekto sa kanilang pakikipagkapwa.
6. Ang pagsali sa kuyog ay nagbibigay sa kanila ng kasiguraduhan na kapag sila naman ang napaaway ay may tutulong rin sa kanila.
7. May mga hindi magandang implikasyon din ang pagkukuyog sa mga tao. Karamihan sa mga kalahok ay nagsabing dahil sa pagsali sa kuyog, pati ang mga taong wala namang kinalaman o wala namang kasalanan ay nadadamay pa sa gulo.

**Kongklusyon**

Napasinungalingan ng pag-aaral ang mga palagay ng mga mananaliksik tungkol sa konsepto ng kuyog. Mula sa mga nakalap at inanalisang datos, napatunayan ng mga mananaliksik na ang konsepto ng kuyog ay lutang pa rin sa kaugalian ng mga taga-Amadeo. Bagamat ang kuyog ay nagmula sa ngalan ng isang hayop, ito ay ginamit na rin upang isalarawan ang isang gawi ng mga tao ng pagtutulungan sa tuwing may isang miyembro ang nasaktan o naagrabyado ng iba. Ang pagtutulungan ay likas na talaga sa pamilya at barkadahang Pilipino na maging tama man o mali ang kasama ay handa pa ring tumulong ang lahat upang ipaghiganti at ipaglaban ang dangal ng partido. Ang pagkukuyog ay nagdudulot ng maganda at

masamang implikasyon sa pakikipagkapwa ngunit ang tradisyong ito ay nagpapatuloy pa ring magpapasalinsalin sa mga henerasyon.

**Rekomendasyon**

Ang mga mananaliksik ay nakapuna ng ilang mga kakulangan sa pag-aaral ng konseptong ito. Inirerekomenda na bigyang tuon ang mga sumusunod na bagay upang mas maging maayos ang isang pananaliksik na may katulad na paksain.

1. Ang pag-aaral na ito ay nangangailangan ng mas malawak na lugar at mas maraming kalahok na pagkukunan ng impormasyon upang makuha ang pangkalahatang pananaw ng populasyon.
2. Iminumungkahi ring subukan pa ang ibang metodo ng pananaliksik sa pagkalap ng mga datos.
3. Ang paggamit ng siyentipikong pamamaraan ng pagsukat ng mga resulta tulad ng *Analysis of Variance*, *t-test* at iba pa ay higit na makakatulong sa pagyabong ng pag-aaral ukol sa konsepto ng kuyog.
4. Ipinapayo ang pagsasagawang muli ng pag-aaral na ito sa iba pang lugar hindi lang sa Cavite kundi maging sa mga bayan o probinsyang kilala rin ang konseptong ito.

5. Ang pananaliksik na ito ay iminumungkahi pa ang higit na malalim at mas masusing pag-aaral upang mapagkabigay pa ng mas maraming impormasyong makatutulong din hindi lang sa Sikolohiya ng mga Kabitenyo kundi maging sa Sikolohiyang Pilipino.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## MGA NILALAMAN

**PAMAGAT** .................................................................. 1

**ABSTRAK** .................................................................. 2

**KATIBAYAN NG PAGTANGGAP** ............................................ 8

**PAGKILALA**.................................................................. 9

**MGA NILALAMAN** ...........................................................11

**TALAAN NG MGA HANAYAN AT PIGURA** ...............................14

**KABANATA**

**I. Panimula**

**Ang Suliranin at Kaligiran** ......................................15

**Konseptwal na Balangkas** ......................................18

**Paglalahad ng Suliranin** ...................................... 19

**Pagpapalagay** ...................................... 19

**Saklaw at Limitasyon** ...................................... 20

**Kahalagahan ng Pag-aaral** ...................................... 21

**Pagpapakahulugan ng mga Terminolohiya** .................. .. 22

**II. Pagsusuri ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral** .................................................. 24

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

III. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik .......................................... 31

Mga Kalahok ..........................................................32

Pamamaraan .......................................................... 32

Pagsusuri ng mga Datos .......................................... 33

IV. Paglalahad, Pag-aanalisa at Interpretasyon ng

mga Datos ............................................................... 35

V. Buod, Kongklusyon, at Rekomendasyon

Buod..........................................................................43

Kongklusyon ...........................................................45

Rekomendasyon ......................................................46

Sanggunian ..............................................................48

Apendiks

A. Impormasyon Ukol sa Amadeo ..................................49

B. Grapikong Representasyon ng mga Nakuhang Datos .........50

C. Pagpapatunay mula sa Tagapayo ..................................53

D. Pagpapatunay mula sa Panel .......................................54

E. Pagpapatunay mula sa Editor ....................................55

F. Pagpapatunay mula sa Tagapangulo ng UFRO ...............56

G. Liham ng Paghingi ng Tulong ....................................57

H. Liham ng Paghingi ng Pahintulot sa Editor ...................59

I. Mga Gabay na Katanungan ..........................................61

J. Mga Larawan ng mga Mananaliksik Kasama ang mga Nakapanayam.........................................................................63

K. Curriculum Vitae................................................ 64

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## Talaan ng mga Hanayan at Pigura

### I. Mga Hanayan

Hanayan 1.Pakahulugan ng mga Kalahok sa Kuyog .................. 35

Hanayan 2. Mga Pinanggalingan ng salitang Kuyog ayon sa mga Kalahok ..........................................................37

Hanayan 3. Mga Posibleng Sanhi ng Pagkakaroon ng Kuyog .......38

Hanayan 4. Mga Positibong Epekto ng Kuyog..........................39

Hanayan 5. Mga Negatibong Epekto ng Kuyog .......................41

### II. Mga Pigura

Pigura 1. Konsepto ng Kuyog Ayon sa mga Taga Amadeo ...........8

Pigura 2.Bahagdan ng Kasagutan ng mga Kalahok sa Kanilang Pakahulugan sa Kuyog ..............................50

Pigura 3. Bahagdan ng Kasagutan ng mga Kalahok sa Pinanggagalingan ng Salitang Kuyog .....................51

Pigura 4. Bahagdan ng Kasagutan ng mga Kalahok sa mga Posibleng Sanhi ng Pagkukuyog ........................52

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center, De La Salle University-Dasmariñas, Cavite, Philippines • Since 1977 •